**DALUMAT**
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

# Antas ng Pagkilala at Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin ng mga Mag-Aaral sa Edukasyong Pangguro

Rolando A. Casaljay II
Christ the King College of Calbayog City, Inc.
rgcasaljay98@gmail.com

Petsa ng Pagsumite:
**Marso 25, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Abril 30, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Mayo 26, 2026**

DOI:
**10.5281/zenodo.20382895**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa gamit ang disenyong *Descriptive-Correlational Research* upang matukoy ang antas ng kaalaman sa pagkilala at kasanayan sa pagsulat ng Baybayin, at ang kaugnayan nito sa demograpikong katayuan ng 132 na mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro sa Christ the King College of Calbayog City, Inc. sa pamamagitan ng *complete enumeration*. Batay sa resulta, karamihan sa mga kalahok ay kababaihan, nasa edad 20–21, may mga magulang na nakatapos ng kolehiyo, at nagmumula sa pamilyang may mababang buwanang kita. Natuklasan na napakataas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng Baybayin, habang katamtaman hanggang mataas naman ang kanilang antas sa pagkilala ng mga simbolo, na nagpapakita na mas nangingibabaw ang kanilang praktikal at motorikong kasanayan sa pagsulat kumpara sa teoretikal na pagkilala. Ipinapakita ng istatistikal na pagsusuri na ang edad at antas ng edukasyon ng mga magulang ay mga makabuluhang salik sa pagkilala ng Baybayin. Sa kabilang banda, ang kasanayan sa pagsulat ay makabuluhang naapektuhan ng kasarian, edukasyon ng magulang, at buwanang kita, kung saan ang sapat na pinansyal na katayuan ay nagbibigay-daan sa probisyon ng mga kagamitang pampagsasanay. Patunay ito na ang katutubong sistema ng pagsulat ay may malaking potensyal na muling mapangalagaan sa akademikong integrasyon. Upang higit na mahikayat ang mga *pre-service teachers* na magkaroon ng matatag na kamalayan sa pambansang identidad, inirerekumenda ang patuloy na paglinang sa pormal na estruktura ng Baybayin sa pamamagitan ng lokalisasyon ng kurikulum at pagbuo ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo tungo sa pagpataas ng literasyong pangkultura.

**Mga Susing Salita :** *Baybayin, Kaalaman sa Pagkilala, Kasanayan sa Pagsulat, Programang Edukasyong Pangguro.*

## INTRODUKSIYON

Ang kasaysayan at panitikan ay nagsisilbing dalawang disiplinang magkaugnay at hindi maaaring paghiwalayin; sila ang nagsisilbing buhay na saksi sa masalimuot na ebolusyon ng isang lahi at ang kaban ng karunungan na nagpapaliwanag sa ating kolektibong nakaraan. Sa pagpasok ng bagong milenyo, ang akademikong diskurso sa Pilipinas ay hindi na lamang nakatuon sa payak na pag-alala sa mga tradisyon, kundi sa isang mas malalim at radikal na aktibong dekolonisasyon ng kaisipang Pilipino. Ang layuning ito ay nakaugat sa pagbawi sa mga pamanang kultural at katutubong kaalaman na pilit na ibinaon ng panahon at ng kolonyal na kasaysayan. Sa gitna ng paghahanap na ito para sa tunay na identidad, muling

naglalabasan ang mga pag-aaral tungo sa muling pagtuklas sa Baybayin, ang sinaunang sistema ng pagsulat na nagsisilbing matibay na katibayan na ang ating mga ninuno ay nagtataglay na ng isang mataas at sopistikadong antas ng sibilisasyon bago pa man ang pananakop ng mga Kanluranin. Higit pa sa pagiging isang paraan ng pakikipagtalastasan, ang Baybayin ay kinikilala bilang isang abugida o alphasyllabary na binubuo ng labimpitong batayang simbolo: tatlong patinig at labing-apat na katinig. Ang estrukturang ito, ayon sa pagsusuri ni Morrow (2020), ay hindi lamang isang payak na alpabeto kundi isang sistema na nagpapakita ng sopistikadong lohika sa komunikasyon sa pamamagitan ng paggagamit ng mga kudlit upang mabago ang tunog ng bawat katinig. Ang muling pag-usbong ng interes sa Baybayin sa kasalukuyang panahon, partikular na sa loob ng mga institusyong pang-edukasyon, ay isang mahalagang hakbang upang muling mapagdugtong ang kasalukuyang henerasyon sa kanilang katutubong kaluluwa at mapanatili ang dangal ng ating sariling sining ng pagsulat sa gitna ng modernisasyon.

Ang katatagan ng Baybayin bilang isang lehitimong sistema ng pagsulat ay hindi matatawaran, lalo na't pinatitibay ito ng mga arkeolohikong ebidensya na nagpapatunay sa literacy ng mga sinaunang Pilipino. Ang mga artifact gaya ng Laguna Copperplate Inscription (900 C.E.) ay nagsisilbing testamento na bago pa man ang kolonisasyon, ang ating mga ninuno ay bahagi na ng isang masalimuot na network ng kalakalan at komunikasyon sa Timog-Silangang Asya. Ang pagpapatuloy ng sistemang ito hanggang sa unang bahagi ng pananakop ng mga Espanyol ay makikita sa Doctrina Christiana (1593), ang kauna-unahang aklat na nalimbag sa bansa, kung saan ginamit ang Baybayin upang epektibong maipalaganap ang mga aral ng Kristiyanismo sa mga katutubo. Sa kabila ng sistematikong pagpataw ng alpabetong Latin na naglayong burahin ang katutubong paraan ng pagsulat, ang Baybayin ay nanatiling buhay sa mga sulok ng kapuluan bilang simbolo ng pag-iral at pagtaliwas ng katutubong talino laban sa banyagang impluwensya. Gayunpaman, sa harap ng makabagong panahon at mabilis na globalisasyon, ang muling pagsigla ng interes sa Baybayin ay nagdadala ng mga bagong banta at hamon, partikular na ang tinatawag na commodification. Sa paglaganap nito sa social media, mga disenyo ng tatu, at iba't ibang anyo ng sining, madalas na nawawala ang esensya ng pagsulat kapalit ng komersyalismo. Ayon sa mga kritikal na obserbasyon nina Deleno (2018) at Morrow (2020), nagkakaroon ng panganib na ang Baybayin ay maging isang mababaw na "aesthetic" o palamuti na lamang. Sa ganitong kalakaran, ang tamang tuntunin ng pagsulat gaya ng wastong paggagamit ng mga kudlit at krus-virama gayundin ang malalim na kasaysayan at pilosopiyang nakakabit dito, ay madalas na naisasantabi. Ang ganitong penomenon ay nagreresulta sa pagbaluktot sa tunay na anyo ng ating script, kung saan ang biswal na ganda ay mas binibigyang-halaga kaysa sa katumpakan at paggalang sa kultural na integridad ng sistema.

Ang muling pagbuhay sa Baybayin ay hindi lamang isang anyo ng kultural na aktibismo o sentimental na pagbabalik-tanaw; ito ay isang pambansang adhikain na may matitibay at konkretong legal na pundasyon na binuo at pinalakas sa nakalipas na dekada, mula 2015 hanggang 2025. Ang pundasyong ito ay nag-uugat sa Saligang Batas ng 1987 (Artikulo XIV, Seksyon 14-15), na malinaw na nag-aatas sa Estado na itaguyod ang dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino na nakabatay sa prinsipyo ng pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba-iba. Ang probisyong ito ay lalong pinagtibay ng pagsasabatas ng Republic Act No. 11961 (Cultural Heritage Act of 2023). Bilang isang mahalagang susog sa RA 10066, ang batas na ito ay hindi lamang kumikilala sa halaga ng ating mga tradisyon kundi nagbibigay ng direktang mandato para sa proteksyon, preserbasyon, at aktibong pagpapalaganap ng mga katutubong iskripto sa lahat ng antas ng lipunan, kabilang na ang pormal na sistema ng edukasyon. Kasabay nito, ang mga progresibong hakbang sa lehislatura gaya ng House Bill 1022 (National Writing System Act) at House Bill 5100 ay naglalayong iangat ang status ng Baybayin mula sa pagiging isang historikal na artifact tungo sa pagiging isang opisyal na elemento ng ating pambansang identidad. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng paggamit nito sa mga pampublikong dokumento, mga karatula, at opisyal na logo ng mga ahensya ng pamahalaan, nilalayon ng mga panukalang ito na itumbas ang Pilipinas sa mga bansang gaya

ng Japan, Korea, at Thailand na may sariling pambansang titik na nagsisilbing simbolo ng kanilang soberanya at kultural na integridad (Dagala, 2018). Ang ganitong legal na balangkas ay nagpapatunay na ang pag-aaral sa antas ng kasanayan sa Baybayin, lalo na sa mga magiging guro, ay hindi lamang isang akademikong pangangailangan kundi isang paghahanda sa pagtupad sa mga pambansang batas at polisiya na naglalayong muling itatag ang Pilipinas bilang isang bansang may matatag na pagkakakilanlan sa harap ng pandaigdigang komunidad.

Sa ilalim ng DepEd Order No. 21, s. 2019, o ang Policy Framework on the Indigenous Peoples Education Curriculum, ang kurikulum ng K to 12 ay pinalakas upang sistematikong maisama ang katutubong kaalaman, sistema, at mga kasanayan sa loob ng mga silid-aralan. Dahil dito, ang mga mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Instityut ng Edukasyong Pangguro sa Christ the King College of Calbayog City, Inc. ay itinuturing na mga kritikal na kalahok at estratehikong lunsaran ng pag-aaral na ito. Bilang mga pre-service teachers o ang susunod na henerasyon ng mga tagapagturo, ang kanilang antas ng pagkilala at kasanayan sa pagsulat ng Baybayin ay isang mahalagang sukatan ng kahandaan ng bansa sa ganap na implementasyon ng mga nasabing polisiya. Ang hamon ay nakasalalay sa kalidad ng kanilang literasiya; kung ang mga magiging guro ay magtatapos na walang sapat na kasanayan sa tamang transliterasyon gaya ng wastong paggamit ng mga bantas, ang paglalagay ng mga kudlit upang baguhin ang patinig, at ang aplikasyon ng krus-virama o pamudpod upang pumatay ng tunog ng katinig ang pangkalahatang layunin ng kurikulum ay hindi ganap na maisasakatuparan. Sa halip na maging isang dinamiko at buhay na sistema ng pagsulat, ang panganib ng maling pagtuturo ay maaaring humantong sa pagbaluktot ng ating kasaysayan. Samakatuwid, ang pagsukat sa kanilang kakayahan sa puntong ito ng kanilang pagsasanay ay isang proaktibong hakbang upang matiyak na ang pamanang ito ay maituturo nang may katumpakan, dangal, at malalim na pag-unawa sa mga susunod na salinlahi ng mga Pilipino.

Ang pananaliksik na ito ay isinasagawa hindi lamang bilang isang akademikong pagsasanay, kundi bilang isang estratehikong hakbang upang mataya ang tunay na kakayahan ng mga mag-aaral at makabuo ng isang kongkretong Action Plan na magsisilbing gabay sa pagpapanatili ng katutubong lingguwistikang kakayahan. Layunin ng pag-aaral na ito na muling gawing masigla at buhay ang Baybayin sa loob ng akademya, partikular na sa paghubog ng mga susunod na guro. Sa ganitong paraan, ang pamanang sinimulan ng ating mga ninuno ay hindi lamang mananatiling nakakulong sa mga malamig na silid ng museo o sa mga pahina ng mga lumang manuskrito; sa halip, ito ay magiging isang aktibong bahagi ng ating pambansang identidad at sibilisasyon upang matiyak na ang ating kultura ay may matatag na angkla sa modernong lipunan.

## METODO

### Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit sa pag-aaral na ito ang disenyong *Descriptive-Comparative-Correlational* sa ilalim ng pamamaraang kwantitatibo. Ayon kay Creswell (2014), ang kwantitatibong disenyo ay isang estratehiya ng pagsubok sa mga obhetibong teorya sa pamamagitan ng pagsusuri sa ugnayan ng mga baryabol, kung saan ang mga datos ay sinusukat gamit ang mga instrumento upang ang numerikal na impormasyon ay masuri sa pamamagitan ng mga estadistikal na pamamaraan. Ang disenyong ito ang pinakaangkop sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa tatlong pangunahing layunin nito. Una, ang deskriptibong aspekto ay ginamit upang ilarawan ang kasalukuyang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkilala ng Baybayin at ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat nito. Ikalawa, ang komparatibong aspekto ay ginamit upang suriin kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga baryabol na ito kapag pinangkat ayon sa kanilang profayl gaya ng kasarian, edad, antas ng edukasyon, at kita ng mga magulang. Ikatlo, ang korelasyonal na aspekto ay

ginamit upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan at kaugnayan ang antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin sa antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat nito. Sa pamamagitan ng disenyong ito, tiniyak ng mananaliksik ang isang obhetibong pagsusuri na hindi binago ang mga umiiral na kondisyon, habang nagbibigay ng matibay at estadistikal na batayan para sa pagbuo ng mga mungkahing rekomendasyon at polisiya sa Christ the King College of Calbayog City, Inc.

**Kapaligiran ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa loob ng institusyon ng *Christ the King College of Calbayog City, Inc.* (CKC), na estratehikong matatagpuan sa Magsaysay Boulevard, Lungsod ng Calbayog, Kanlurang Samar. Ang Lungsod ng Calbayog ay kinikilala bilang "Lungsod ng mga Talon" at isa sa mga pinakasiglang sentro ng sining, kultura, at edukasyon sa Rehiyon VIII (Silangang Visayas). Bilang isang lunan na may malalim na kasaysayang kolonyal at katutubo, ang lungsod ay nagsilbing isang angkop na laboratoryo para sa pag-aaral ng mga tradisyunal na sistemang Pilipino gaya ng Baybayin, dahil sa aktibong pagsuporta ng komunidad sa mga gawaing pangkultura at pangwika.

Ang *Christ the King College of Calbayog City, Inc.*, bilang isa sa pinakamatandang institusyong Katoliko sa rehiyon na pinamamahalaan ng mga Pransiskano (*Order of Friars Minor*), ay may mahabang tradisyon ng paghubog sa mga mag-aaral na may malasakit sa bayan at pananampalataya. Ang pananaliksik ay nakapokus sa Instityut ng Edukasyong Pangguro (Institute of Teacher Education o ITE) ng nasabing kolehiyo. Ang ITE ay kilala sa pagpapatapos ng mga gurong hindi lamang bihasa sa pedagohiya kundi may malalim ding pagpapahalaga sa pambansang identidad. Pinili ang lokal na ito sapagkat ang mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro ay nasa kritikal na yugto ng kanilang pagsasanay; sila ang mga susunod na tagapagturo na direktang magpapatupad ng MATATAG Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon, kung saan binibigyang-diin ang pagbabalik sa mga katutubong kaalaman at literasya.

Dahil ang *Christ the King College* ay nagsisilbing *melting pot* o tagpuan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang distrito ng Calbayog (Calbayog, Oquendo, at Tinambacan) at maging mula sa mga karatig-bayan ng Samar, ang datos na nakalap rito ay nagrerepresenta sa isang malawak na demograpiko. Ang akademikong kapaligiran ng CKC, na kinalalagyan ng mga pasilidad gaya ng silid-aklatan at mga kagamitang pampagtuturo, ay nagbigay ng mainam na kondisyon para sa mga respondente na maipakita ang kanilang tunay na antas ng pagkilala at kasanayan sa pagsulat ng Baybayin nang walang balakid. Sa pamamagitan ng pagpili sa CKC, tiniyak ng mananaliksik na ang pag-aaral ay nakaugat sa isang institusyong may mataas na pamantayan sa pananaliksik at dedikasyon sa pagpapaunlad ng wikang Filipino at kulturang pambansa.

**Paraan ng Pagpili ng Sampol**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pamamaraang *Complete Enumeration* sa pagpili ng mga kalahok mula sa mga natukoy na madyor ng institusyon. Ang pamamaraang ito ay pinili ng mananaliksik dahil ang kabuuang populasyon ng mga mag-aaral sa ikalawang taon sa mga piling espesyalisasyon ng Programang Edukasyong Pangguro ay may sapat at limitadong bilang lamang, na nagbigay-daan upang maisama ang lahat bilang aktuwal na respondente ng pananaliksik nang hindi na nangangailangan ng pagkuha ng bahagyang sampol.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Mula rito, ang kabuuang isang daan at tatlumpu't dalawa (132) na mga mag-aaral ang nagsilbing mga opisyal na tagatugon na nagmula sa tig-isang programa mula sa *Bachelor of Elementary Education, Bachelor of Secondary Education* (BSEd) medyor sa *English, Mathematics, Science,* at *Values Education*. Samantala, hindi isinama sa pag-aaral ang mga mag-aaral mula sa *Bachelor of Secondary Education* madyor sa *Filipino* at *Social Studies* dahil ang mga naturang pangkat ay mayroong mga espesyalisadong asignatura sa kanilang kurikulum na tahasang nagtuturo ng Baybayin, katutubong panitikan, at kasaysayan ng Pilipinas, na maaaring magdulot ng *subject bias* sa pangkalahatang resulta.

Sa pamamagitan ng *complete enumeration* sa loob ng mga tinukoy na medyor, naging mas mataas ang antas ng katapatan at kredebilidad ng mga datos ukol sa antas ng kaalaman sa pagkilala at kasanayan sa pagsulat ng Baybayin, dahil ang bawat mag-aaral na kasangkot sa naturang antas ay nabigyan ng pagkakataong sagutan ang limampung (50) aytem na pagsusulit.

Upang mas malinaw na maipakita ang proporsyonal na distribusyon mula sa bawat programa, ipinapakita sa Talahanayan 1 ang detalyadong bilang ng mga kalahok batay sa kanilang kasarian at ang kabuuang bilang nito.

**Talahanayan 1**
**Bilang ng Kalahok sa Pag-aaral**

| **PROGRAMA** | **BILANG NG MAG-AARAL** | |
|---|---|---|
| | **LALAKI** | **BABAE** |
| BEED | 11 | 43 |
| BSEd - English | 9 | 22 |
| BSEd - Mathematics | 6 | 9 |
| BSEd - Science | 4 | 11 |
| BSEd - Values Education | 12 | 9 |
| **Kabuuan** | **41** | **91** |

## RESULTA AT DISKUSYON

Ito ay naglalayong maglahad, magsuri, at magbigay-kahulugan sa mga datos hinggil sa antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin at antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro sa Christ the King College of Calbayog City, Inc. Ipinakita ang kinalabasan ng pag-aaral sa pamamagitan ng mga sumusunod na talahanayan.

### Propayl ng mga Mag-aaral sa Filipino

Ang talahanayan 2 ay naglalahad ng bilang ng mga tagatugon batay sa kasarian.

**Talahanayan 2**
**Katayuan ng mga Mag-aaral sa Filipino Batay sa Kasarian**

| **KASARIAN** | **f** | **%** |
|---|---|---|
| Babae | 91 | 68.9 |
| Lalaki | 41 | 31.1 |

| | | |
|---|---|---|
| **Kabuuan** | **132** | **100.0** |

Makikita sa Talahanayan 2 ang pagpapakita ng katayuan ng mga mag-aaral sa Programang Edukasyong Pangguro batay sa kasarian. Mababatid na siyamnaputu't isa (91) o 68.9% ng mga mag-aaral ay kababaihan at apatnaputu't isa (41) o 31.1% ay kalalakihan. Ipinahihiwatig nito na ang pangkalahatang populasyon ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro sa institusyon ay pinangungunahan o higit na kinabibilangan ng mga kababaihan.

Ang talahanayan 3 ay naglalahad ng bilang ng mga tagatugon batay sa edad.

**Talahanayan 3**
**Katayuan ng mga Mag-aaral sa Filipino Batay sa Edad**

| EDAD | f | % |
|---|---|---|
| 21 taong gulang pataas | 46 | 34.8 |
| 20 taong gulang | 45 | 34.1 |
| 19 taon gulang | 38 | 28.8 |
| 18 taong gulang | 3 | 2.3 |
| **Katampatang Edad** | **21.0** | |

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang katayuan ng mga mag-aaral sa Programang Edukasyong Pangguro batay sa kanilang edad. Mababatid na apatnaputu't anim (46) o 34.8% ng mga mag-aaral ay may edad na dalawampu't isang (21) taong gulang pataas; apatnaputu't lima (45) o 34.1% ng mga mag-aaral ay dalawampung (20) taong gulang; tatlongpu't walo (38) o 28.8% ng mga mag-aaral ay labinsyam (19) na taong gulang; at tatlo (3) o 2.3% ay labingwalong (18) taong gulang.
Ang nakuha namang katampatang edad (*mean age*) ng mga mag-aaral ay 21.0. Ipinahihiwatig ng mga datos na ito na ang karamihan sa mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro ay nasa hustong gulang na at pasok sa inaasahang edad para sa antas ng kolehiyo, kung saan ang pinakamalaking bahagdan ay nasa edad na dalawampu't isa (21) pataas.

Ang talahanayan 4 ay naglalahad ng bilang ng mga tagatugon batay sa antas ng edukasyong natapos ng mga magulang.

**Talahanayan 4**
**Katayuan ng mga Mag-aaral sa Filipino Batay sa Antas ng Edukasyong Natapos ng mga Magulang**

| ANTAS NG EDUKASYONG NATAPOS NG MGA MAGULANG | f | % |
|---|---|---|
| College Graduate | 30 | 22.7 |
| College Level | 40 | 30.3 |
| High School Graduate | 21 | 15.9 |
| High School Level | 14 | 10.6 |
| Elementary Graduate | 9 | 6.8 |
| Elementary Level | 18 | 13.6 |
| **Kabuuan** | **132** | **100.0** |

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng katayuan ng mga mag-aaral sa Programang Edukasyong Pangguro batay sa antas ng edukasyong natapos ng mga magulang. Mababatid na tatlumpu (30) o 22.7% ng mga magulang ng mga mag-aaral ay nakapagtapos sa kolehiyo (*College Graduate*); apatnapu (40) o 30.3% ng mga magulang ng mga mag-aaral ay nakapag-aral sa kolehiyo ngunit hindi nakatapos (*College Level*); dalawampu't isa (21) o 15.9% ay nakapagtapos ng *High School* (*High School Graduate*); labing-apat (14) o 10.6% ay nakapag-aral sa *High School* ngunit hindi nakatapos (*High School Level*); siyam (9) o 6.8% naman ay nakapagtapos ng elementarya (*Elementary Graduate*); at labing-walo (18) o 13.6% ay nakapag-aral sa elementarya ngunit hindi nakatapos (*Elementary Level*). Mapapansin mula sa mga datos na ito na ang karamihan sa mga magulang ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro ay may sapat na antas ng edukasyon dahil malaking bahagdan sa kanila ang nakatapak at nakapag-aral sa antas ng kolehiyo.

Ang talahanayan 5 ay naglalahad ng bilang ng mga tagatugon batay sa kita ng mga magulang sa loob ng isang buwan.

**Talahanayan 5**
**Katayuan ng mga Mag-aaral sa Filipino Batay sa Kita ng mga Magulang sa Loob ng Isang Buwan**

| KITA NG MGA MAGULANG SA LOOB NG ISANG BUWAN | f | % |
|---|---|---|
| Php 10,000.00 pataas | 16 | 12.1 |
| Php 7,000.00 – 9,000.00 | 23 | 17.4 |
| Php 4,000.00 – 6,000.00 | 27 | 20.5 |
| Php 1,000.00 – 3,000.00 | 29 | 22.0 |
| Php 1,000.00 – pababa | 37 | 28.0 |
| **Kabuuan** | **132** | **100.0** |

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng katayuan ng mga mag-aaral sa Programang Edukasyong Pangguro batay sa kita ng mga magulang sa loob ng isang buwan. Mababatid na labing-anim (16) o 12.1% ng mga magulang ng mga mag-aaral ay may buwanang kita na Php 10,000.00 pataas; dalawampu't tatlo (23) o 17.4% ay kumikita mula Php 7,000.00 hanggang Php 9,000.00; dalawampu't pito (27) o 20.5% ang may kinikita na mula Php 4,000.00 hanggang Php 6,000.00; dalawampu't siyam (29) o 22.0% naman ang may buwanang kita na mula Php 1,000.00 hanggang Php 3,000.00; at tatlongpu't pito (37) o 28.0% ang kumikita ng Php 1,000.00 pababa sa loob ng isang buwan.
Ipinahihiwatig nito na ang pinakamalaking bahagdan ng pamilya ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro ay nasa ilalim ng mababang antas ng kita o bracket na Php 1,000.00 pababa, na nagpapakita ng hamong pinansyal sa karamihan ng mga tagatugon sa kabila ng kanilang pagpapatuloy sa pag-aaral sa kolehiyo.

**Antas ng Kaalaman sa Pagkilala ng Baybayin**

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkilala sa katutubong eskrutura ng Baybayin.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Talahanayan 6**
**Antas ng Kaalaman sa Pagkilala ng Baybayin**

| ISKOR NG MGA MAG-AARAL | INTERPRETASYON | f | % |
|---|---|---|---|
| 20 – 25 | Napakataas | 65 | 49.2 |
| 15 – 19 | Mataas | 44 | 33.3 |
| 10 – 14 | Katamtaman | 20 | 15.2 |
| 5 – 9 | Mababa | 3 | 2.3 |
| **Kabuuan** | | **132** | **100.0** |

Mababatid sa Talahanayan 6 ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkilala ng Baybayin. Nagpapakita ito na animnapumpu't lima (65) o 49.2% ng mga mag-aaral ang nakakuha ng iskor na 21 hanggang 25 na may interpretasyong Napakataas. Limanpu't lima (55) o 41.7% naman ang nakakuha ng iskor na 16 hanggang 20 na may interpretasyong Mataas. Samantala, sampu (10) o 7.6% ang nakakuha ng iskor na 11 hanggang 15 na may interpretasyong Katamtaman, at dalawa (2) o 1.5% naman ang nakakuha ng iskor na 6 hanggang 10 na may interpretasyong Mababa. Walang mag-aaral (0%) ang naitala sa ilalim ng iskor na 0 hanggang 5 o Napakamababa.

Bagaman ang pinakamalaking bahagdan ng mga tagatugon ay nasa antas na Napakataas (49.2%), kapansin-pansin na hindi ito umabot sa pangkalahatang mayorya ng kabuuang populasyon. Sa katunayan, halos kalahati pa rin ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral (50.8%) ang nasa pinagsamang antas ng mataas pababa hanggang mababa. Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na bagamat pamilyar ang mga mag-aaral sa katutubong alpabeto, mayroon pa ring pangangailangan na patuloy na linangin, patatagin, at pormalisahin ang kanilang kognitibong kasanayan sa tumpak na pag-unawa sa estruktura ng mga simbolo ng Baybayin.

Ang kinalabasang ito ay sumusuporta sa balangkas nina Ghil at Zuckerman (2016) sa kanilang *"Cultural Revitalization and the Framework of Contact Linguistics"*. Ayon sa kanilang teorya, ang muling pagbuhay sa isang katutubong wika o sistema ng pagsulat ay hindi nagaganap sa isang mabilisang paraan; bagkus, ito ay dumadaan sa yugto ng transisyon kung saan ang mga modernong gumagamit ay unti-unti pa lamang nakikipag-ugnayan sa mga tradisyonal na simbolo. Ang pagkakaroon ng halos kalahati ng populasyon sa antas na mataas pababa ay patunay na ang Baybayin ay nasa proseso pa lamang ng muling pag-usbong at integrasyon sa kamalayan ng mga bagong gurong Pilipino, kung kaya't nangangailangan ito ng patuloy na suportang institusyonal at mga akademikong interbensyon.

**Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa aktuwal na pagsulat ng Baybayin.

**Talahanayan 7**
**Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

| ISKOR NG MGA MAG-AARAL | INTERPRETASYON | F | % |
|---|---|---|---|
| 20 – 25 | Napakataas | 114 | 86.4 |
| 15 – 19 | Mataas | 6 | 4.5 |
| 10 – 14 | Katamtaman | 7 | 5.3 |

ISSN:3116-4692

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5 – 9 | Mababa | 5 | 3.8 |
| **Kabuuan** | | **132** | **100.0** |

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng Baybayin. Mababatid na isang daan at labing-apat (114) o 86.4% ng mga mag-aaral ay may iskor sa pagsulat ng Baybayin mula 20 hanggang 25; anim (6) o 4.5% naman ay nakakuha ng iskor mula 15 hanggang 19; pito (7) o 5.3% ang nakakuha sa antas na Katamtaman (10 hanggang 14); at lima (5) o 3.8% ay nakakuha sa antas na Mababa (5 hanggang 9). Karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng iskor mula 20 hanggang 25, na nangangahulugang sila ay nagtataglay ng napakataas na antas ng kasanayan sa aktuwal na pagsulat ng mga karakter.

Ang bentahe ng antas ng pagsulat kumpara sa pagkilala ay maipaliliwanag sa pamamagitan ng Teorya ng *Haptic Learning* (Pampalatang Pagkatuto) at *Grapheme Production*. Ang pisikal na aksyon ng pagsulat, ang koordinasyon ng mata, kamay, at motorikong kasanayan (*fine motor skills*), ay lumilikha ng mas matatag na *neurological pathway* o bakas sa memorya ng mag-aaral kumpara sa pasibong pagkilala lamang. Sa pamamagitan ng aktuwal na pagguhit ng mga karakter at paglalapat ng mga kudlit at krus-virama, aktibong nararanasan at mas madaling naiinternalisa ng mga mag-aaral ang estruktura ng wika.

Ang mataas na kasanayang ito ay direktang bunga rin ng mga estratehikong gawain sa Instituyt ng Edukasyong Pangguro ng CKC. Sa ilalim ng mga pangkulturang aktibidad sa silid-aralan, ang mga mag-aaral ay madalas na pinapagsulat ng mga titik, salita, at pangungusap sa pisara at papel, paggawa ng poster, at iba pang malikhaing proyekto gamit ang Baybayin. Ang praktikal na oryentasyong ito sa kurikulum ng CKC ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay mas mabilis makatamo ng literasya kapag ang kultura ay isinasabuhay sa pamamagitan ng aktuwal na produksyon at malikhaing aplikasyon.

**Kabuuang Antas ng mga Mag-aaral sa Kaalaman sa Pagkilala ng Baybayin at Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

Ang Talahanayan 8 ay naglalahad ng kabuuang iskor ng mga mag-aaral na nagpapakita ng kanilang pangkalahatang antas sa kaalaman sa pagkilala at kasanayan sa pagsulat ng Baybayin.

**Talahanayan 8**
**Kabuuang Antas ng mga Mag-aaral sa Kaalaman sa Pagkilala ng Baybayin at Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

| KABUUANG ISKOR NG MGA MAG-AARAL | INTERPRETASYON | f | % |
|---|---|---|---|
| 41 – 50 | Napakataas | 81 | 61.4 |
| 31 – 40 | Mataas | 38 | 28.8 |
| 21 – 30 | Katamtaman | 11 | 8.3 |
| 11 – 20 | Mababa | 2 | 1.5 |
| **Kabuuan** | | **132** | **100.0** |

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng kabuuang iskor ng mga mag-aaral sa antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin at antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin. Mababatid na walongpu't isa (81) o 61.4% ng mga mag-aaral ay may kabuuang iskor na 41 hanggang 50; tatlongpu't walo (38) o 28.8% naman ay nakakuha ng kabuuang iskor mula 31 hanggang 40; labing-isa (11) o 8.3% ang nakakuha ng kabuuang

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

iskor mula 21 hanggang 30; at dalawa (2) o 1.5% naman ay nakakuha ng kabuuang iskor mula 11 hanggang 20. Karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng kabuuang iskor mula 41 hanggang 50, na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng napakataas na pangkalahatang antas ng literasya sa katutubong sistema ng pagsulat.

Sang-ayon ito sa pag-aaral ni Greg Holt (2018) sa kanyang *"Strategies of Language Revitalization in Alignment with Native Pedagogical Forms"*, sa pagbabanyuhay ng wika ng Ahtna sa Alaska. Ilan sa mga natuklasan niya ay nagpapatunay na gaya ng wikang Hebrew, ang isang wika o sistema ng pagsulat na itinuturing na nawala o namatay na ay maaari pang muling mapanuri. Upang muli itong buhayin mula sa maliit na bilang ng kanilang tribu, sinimulan nila itong gawin sa mga paaralan. Bumuo sila ng sariling kurikulum at mga asignatura ukol sa kanilang wika at kultura, at gumawa ng iba't ibang estratehiya, lalo na sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo upang mapadali ang proseso ng pagkatuto ng mga bagong usbong na lahi. Tulad ng Baybayin, unti-unti itong binubuhay sa pamamagitan ng pagtuturo at pagsasanay nito sa mga mag-aaral sa paaralan sa ilalim ng bagong kurikulum ng edukasyon.

Salungat naman ito sa pag-aaral ni Christopher Miller (2014) sa kanyang *"A Survey of Indigenous Scripts of Indonesia and the Philippines"*, kung saan iginiit niya na ang Baybayin script ng ating bansa na siyang sumasalamin sa ating kultura ay unti-unti nang nawawala o nawawalan ng pagpapahalaga mula sa mga tao sa Pilipinas, kung kaya't nawawalan umano ang mga Pilipino ng tunay na identidad tungkol sa kanilang sarili. Gayunpaman, ang mataas na nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa Programang Edukasyong Pangguro sa kasalukuyang pag-aaral ay isang matibay na patunay na hindi pa tuluyang namamatay ang interes at kakayahan ng mga bagong gurong Pilipino na yakapin at isabuhay ang katutubong kalinangan.

**Pagkakaiba ng Antas ng mga Mag-aaral sa Pagitan ng Kaalaman sa Pagkilala ng Baybayin at Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

Ang Talahanayan 9 ay naglalahad ng pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin at antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 9**
**Pagkakaiba ng Antas ng mga Mag-aaral sa Pagitan ng Kaalaman sa Pagkilala ng Baybayin at Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

| Antas ng Mga Mag-aaral sa Baybayin | Mean Difference | df | T | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Pagkilala | 20.129 | 131 | 53.143 | 0.000 |
| Kasanayan sa Pagsulat | 23.197 | 131 | 63.209 | 0.000 |

Mababatid sa Talahanayan 9 na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin (t = 53.143, $p$ = 0.000) at sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin (t = 63.209, $p$ = 0.000). Dahil ang nakuha na kapasiyahang halaga o *probability value (p-value)* sa dalawang baryabol ay 0.000 na mas mababa sa itinakdang antas ng makabuluhan na 0.05, tinatanggihan ang *null hypothesis*.

Sa katunayan, kung susuriin ang *mean difference*, mas mataas ang nakuhang marka sa antas ng kasanayan sa pagsulat (23.197) kumpara sa kaalaman sa pagkilala ng mga simbolo (20.129). Ang datos na ito ay nagpapatunay na mas nagpakita ng kahusayan ang mga mag-aaral sa Programang Edukasyong Pangguro sa aktuwal na aplikasyon ng pagsulat ng Baybayin kaysa sa teoretikal na pagkilala sa kasaysayan at estruktura nito.

Sang-ayon ito sa aklat ni Hedge (2002) na pinamagatang *"Writing"*, kung saan ipinaliwanag na ang pagsulat ay hindi lamang isang simpleng paraan ng pagsasalin ng wika sa pasulat na simbolo, kundi ito ay isang masalimuot na proseso ng pag-iisip. Ito ay nangangailangan ng intelektwal na pagsisikap na dapat na mapanatili sa isang takdang panahon. Sapagkat ang kabisahan ng wika ay hindi sapat upang mapadali ang pagsulat, bagkus dapat itong lapatan ng pangkognitibong kasanayan. Ang mataas na estadistikal na kaibahan ay nagpapakita na ginamit ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa wastong paraan ng motorikong aplikasyon ng Baybayin kaysa sa pasibong pagkilala lamang sa mga titik at kasaysayan nito, na nagbibigay ng positibong indikasyon para sa mas malawak na praktikal na paggamit ng katutubong literasya.

**Kaugnayan ng Katayuan ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kaalaman sa Pagkilala ng Baybayin**

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng pangkalahatang *regression analysis* upang matukoy ang epekto at kaugnayan ng demograpikong katayuan ng mga mag-aaral sa kanilang antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin.

**Talahanayan 10**
**Kaugnayan ng Katayuan ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kaaalaman sa Pagkilala ng Baybayin**

| | **Sum of Squares** | **Df** | **Mean Square** | **F-value** | **Significance Value *(p)*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Regression | 2250.363 | 4 | 562.591 | 310.044 | 0.000 | **Makabuluhan** |
| Residual | 230.448 | 127 | 1.815 | | | |
| **Total** | 2480.811 | 131 | | | | |

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita sa *regression analysis* sa epekto ng katayuan ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro sa kanilang antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin. Sa pangkalahatan, ang pagsusuri ay naglalahad na ang *conceptual model* ay makabuluhan, na may nakuha na F-value na 310.044 at *significance value* na ($p$ = 0.000). Dahil dito, tinatanggihan ang *null hypothesis*. Ito ay nangangahulugang ang mga demograpikong baryabol, kapag pinagsama-sama, ay may makabuluhang epekto at kaugnayan sa antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin ng mga mag-aaral.

Sang-ayon ito sa pag-aaral ni Arocha (2016) sa kanyang *"Isang Pasasalamat sa Wikang Filipino"*, kung saan binigyang-diin na ang wika ay maituturing na pinakamabisang kasangkapan sa pakikipagtalastasan sa kapwa. Ang wika ay magiging sandata sa pakikibaka sa mga hamon ng buhay na binubuo ng mga titik at simbolo na kapag pinagsama-sama ay maipapahayag ang pangkalahatang kaisipan at kalinangan ng isang pangkat. Ang resulta ay nagpapatunay na ang paghahanda at kaalaman sa pagsusuri ng mga katutubong simbolo ay may malaking ambag sa pagpapanatili ng mabisang pakikipagkomunikasyon at pag-unawa sa pambansang identidad.

**Kaugnayan ng Katayuan ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kaalaman sa Pagkilala ng Baybayin**

Ang talahanayan 11 ay nagpapakita kung may kaugnayan ang katayuan ng mga tagatugon sa antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Talahanayan 11**
**Kaugnayan ng Katayuan ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kaaalaman sa Pagkilala ng Baybayin**

| **Katayuan ng mga Mag-aaral** | β | **Significance Value *(p)*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| Kasarian | -0.063 | 0.141 | Hindi Makabuluhan |
| Edad | 0.293 | 0.002 | **Makabuluhan** |
| Antas ng Edukasyong Natapos ng mga Magulang | 0.785 | 0.000 | **Makabuluhan** |
| Kita ng mga Magulang sa Loob ng Isang Buwan | -0.160 | 0.071 | Hindi Makabuluhan |

*Independent Variable = Katayuan ng mga Mag-aaral
Dependent Variables = Antas ng Kaalaman sa Pagkilala ng Baybayin
@ 0.05 Level of Significance

Mababatid sa Talahanayan 11 ang mga sumusunod na aspekto ng katayuan ng mga mag-aaral: ang kanilang edad (β = 0.293, $p = 0.002$) at ang antas ng edukasyong natapos ng kanilang mga magulang (β = 0.785, $p = 0.000$) ay nagpakita ng makabuluhang kaugnayan at epekto sa antas ng kaalaman sa pagkilala ng Baybayin. Ang positibong ugnayang ito ay nagpapahiwatig na habang tumataas ang edad ng mag-aaral at habang mas mataas ang antas ng edukasyon ng kanilang mga magulang, nadaragdagan at nagiging mas matatag ang kanilang kaalaman sa pagkilala ng mga simbolo ng Baybayin.

Sa kabilang banda, ang kasarian ($p = 0.141$) at buwanang kita ng mga magulang ($p = 0.071$) ay lumabas na walang makabuluhang epekto sa kaalaman ng mga mag-aaral, na nangangahulugang ang kasarian at katayuang pinansyal ay hindi direktang salik sa kanilang kakayahang kumilala ng mga katutubong karakter.

Salungat naman ito sa pag-aaral ni Christopher Miller (2014) sa kanyang *"A Survey of Indigenous Scripts of Indonesia and the Philippines"*, na naglalahad na ang Baybayin script ng ating bansa na siyang sumasalamin sa ating kultura ay unti-unti nang nawawala o nawawalan ng pagpapahalaga mula sa mga tao sa Pilipinas, kung kaya't nawawalan umano ang mga Pilipino ng identidad tungkol sa kanilang sarili. Gayunpaman, sa kasalukuyang pag-aaral, ang pagkakaroon ng makabuluhang epekto ng edad at edukasyon ng magulang ay nagpapakita na sa pamamagitan ng tamang paggabay sa tahanan at pag-unlad ng kognitibong gulang ng mga mag-aaral sa Programang Edukasyong Pangguro, nananatiling mataas ang interes at kawilihan sa pagkatuto at pagkilala sa Baybayin, na nagbibigay ng bagong pag-asa para sa pagpapayaman ng ating sariling kultura at identidad.

**Kaugnayan ng Katayuan ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

Ang Talahanayan 12 ay naglalahad ng pangkalahatang *regression analysis* upang matukoy ang epekto at kaugnayan ng demograpikong katayuan ng mga mag-aaral sa kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Talahanayan 12**
**Kaugnayan ng Katayuan ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

| | Sum of Squares | Df | Mean Square | F-value | Significance Value *(p)* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Regression | 1548.937 | 4 | 387.234 | 63.054 | 0.000 | **Makabuluhan** |
| Residual | 779.942 | 127 | 6.141 | | | |
| **Total** | 2328.879 | 131 | | | | |

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita sa *regression analysis* sa epekto ng katayuan ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro sa kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin. Sa pangkalahatan, ang pagsusuri ay naglalahad na ang *conceptual model* ay makabuluhan na may nakuha na F-value na 63.054 at *significance value* (p-value) na 0.000. Dahil dito, tinatanggihan ang *null hypothesis*. Ito ay nangangahulugang ang mga demograpikong baryabol (kasarian, edad, antas ng edukasyon ng magulang, at buwanang kita) kapag pinagsama-sama ay may pangkalahatan at makabuluhang epekto sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin ng mga mag-aaral.

Sang-ayon ito sa pag-aaral ni Arocha (2016) sa kanyang *"Isang Pasasalamat sa Wikang Filipino"*, na nagpapaliwanag na ang wika ay maituturing na pinakamabisang kasangkapan sa pakikipag-komunikasyon sa ating kapwa. Ang wika ay magiging sandata natin sa ating pakikibaka sa mga hamon ng buhay na binubuo ng mga titik at simbolo na kapag pinagsama-sama ay maipapahayag natin ang ating mga nararamdaman at kaisipan. Sa pamamagitan ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga tao na makapagbahagi ng kanilang nararamdaman sa isang pormal at masining na paraan, na siyang pinakamabisang kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon.

**Kaugnayan ng Katayuan ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

Ang talahanayan 13 ay nagpapakita kung may kaugnayan ang katayuan ng mga tagatugon sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin.

**Talahanayan 13**
**Kaugnayan ng Katayuan ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin**

| **Katayuan ng mga Mag-aaral** | B | **Significance Value *(p)*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| Kasarian | 0.239 | 0.004 | **Makabuluhan** |
| Edad | 0.051 | 0.772 | Hindi Makabuluhan |
| Antas ng Edukasyong Natapos ng mga Magulang | 0.390 | 0.000 | **Makabuluhan** |
| Kita ng mga Magulang sa Loob ng Isang Buwan | 0.587 | 0.001 | **Makabuluhan** |

*Independent Variable = Katayuan ng mga Mag-aaral
Dependent Variables = Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Baybayin

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

@ 0.05 Level of Significance

Mababatid sa Talahanayan 13 ang mga sumusunod na aspekto ng katayuan ng mga mag-aaral: ang kanilang kasarian ($\beta = 0.239$, $p = 0.004$), antas ng edukasyong natapos ng mga magulang ($\beta = 0.390$, $p = 0.000$), at ang kita ng mga magulang sa loob ng isang buwan ($\beta = 0.587$, $p = 0.001$) ay nagpakita ng makabuluhang kaugnayan at epekto sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin. Sa kabilang banda, ang edad ($p = 0.772$) ay lumabas na walang makabuluhang epekto sa modelong ito.

Ang positibong ugnayan ng kasarian sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng Baybayin ay nagpapahiwatig na ang kasarian ay isang mahalagang salik sa kasanayang motorik, kung saan ang mga kababaihan ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng kasanayan at interes sa aktuwal na pagsulat ng mga karakter. Gayundin, ang positibong ugnayan na nagmula sa relasyon sa antas ng edukasyong natapos ng mga magulang at sa buwanang kita ng pamilya ay nagpapahiwatig na ang mas mataas na katayuang sosyo-ekonomiko at suporta sa tahanan ay nagiging daan upang mas madaling matutunan at mapataas ang kasanayan sa pagsulat ng Baybayin.

Sa wakas, ang positibong ugnayan na nagresulta sa pagitan ng kita ng mga magulang sa loob ng isang buwan ay nagdaragdag at nagpapakita na ang sapat na pinansyal na kakayahan ng pamilya ay nakakatulong sa pagbibigay ng mga kagamitang pampagkatuto na nagpapataas sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Ang kagiliw-giliw na pagkakaiba sa pagitan ng mga resulta ng dalawang regression model ay nagpapakita na ang pagkilala ay isang pasibong kognitibong kasanayan na higit na nakadepende sa edad at pormal na edukasyon. Subalit ang pagsulat ay isang praktikal at motorikong aplikasyon. Ang mga kababaihan ayon sa literatura ay may mas mataas na *fine motor skills* sa sining ng pagsulat, at ang kita ng magulang ay nagbibigay-daan upang makabili ng mga sapat na kagamitang pampagsasanay na direktang nagpapataas ng kanilang antas sa kasanayan sa pagsulat.

Salungat ito sa pag-aaral ni Christopher Miller (2014) sa kanyang *"A Survey of Indigenous Scripts of Indonesia and the Philippines"*, kung saan iginiit niya na ang Baybayin script ng ating bansa na siyang sumasalamin sa ating kultura ay unti-unti nang nawawala o nawawalan ng pagpapahalaga mula sa mga tao sa Pilipinas, kung kaya't nawawalan umano ang mga Pilipino ng identidad tungkol sa kanilang sarili. Gayunpaman, ang natuklasang makabuluhang epekto ng kasarian, edukasyon, at kita sa kasalukuyang pag-aaral ay isang matibay na patunay na sa pamamagitan ng paglalapat ng sapat na suportang institusyonal at kultural, ang mga mag-aaral sa Programang Edukasyong Pangguro ay nagpapakita ng mataas na kawilihan at kakayahang mapanatili at maisabuhay ang katutubong kalinangan at pambansang identidad.

## KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan at interpretasyon ng mga datos sa pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo: Una, ang demograpikong propayl ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Programang Edukasyong Pangguro ay binubuo ng malaking bahagdan ng kababaihan na nasa maagang yugto ng kanilang hustong gulang (20 hanggang 21 taong gulang). Bukod dito, ang kanilang mga pamilya ay nagpapakita ng matatag na pundasyong akademiko dahil ang karamihan sa kanilang mga magulang ay nakatapak at nakatapos sa antas ng kolehiyo, bagamat malaking bahagi pa rin ng mga tagatugon ang nagmumula sa mga sambahayang may mababang antas ng buwanang kita.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Pangalawa, nagtataglay ng matatag at kahanga-hangang pangkalahatang literasya sa Baybayin ang mga mag-aaral. Gayunpaman, mas nangingibabaw ang kanilang kasanayan sa aktuwal at mekanikal na pagsulat ng mga karakter ng Baybayin kumpara sa teoretikal na pagkilala sa mga simbolo nito. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay mas mabilis makapagtamo ng katutubong literasya sa pamamagitan ng aktuwal na aplikasyon, pagsasanay, at motorikong gawain.

Pangatlo, ang edad ng mag-aaral at ang pormal na antas ng edukasyon ng kanilang mga magulang ay mga kritikal na salik na direktang nagpapataas at nagpapatatag sa kanilang kognitibong kaalaman sa pagkilala ng Baybayin. Sa kabilang banda, ang aktuwal na kasanayan sa pagsulat ng mga karakter ay nakadepende nang malaki sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, at kakayahang pinansyal ng pamilya. Ang sapat na kita ng magulang ay nagbibigay-daan para sa probisyon ng mga kagamitang pampagsasanay na nagpapabilis sa pag-unlad ng kanilang motorikong aplikasyon.

Sa kabuuan, ang mataas na antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa Programang Edukasyong Pangguro ay isang matibay na indikasyon na ang katutubong sistema ng pagsulat ng Pilipinas ay may malaking potensyal na muling mabuhay, mapangalagaan, at mairerebitalisa sa pamamagitan ng akademikong integrasyon. Ang pag-unlad ng kakayahang ito ay hindi lamang nagpapalawak ng kognitibong isipan ng mga mag-aaral kundi nagsisilbing konkretong hakbang upang mapagtibay ang pambansang identidad at mapahalagahan ang yamang-kultura ng bansa sa kasalukuyang panahon.

## SANGGUNIAN

*Mekaniks ng pagsulat: Mula tradisyonal na ortograpiya hanggang sa modernong aplikasyon*. Mutya Publishing House.

Arocha, R. (2016). *Wikang Filipino bilang pambansang wika at mabisang kasangkapan sa pakikipagtalastasan*. Departamento ng Edukasyon.

Batoon, L., & Cuadra, N. (2018). *Philippine paleographs and the preservation of Hanunoo and Tagbanua scripts*. National Museum of the Philippines.

Castro, A. M. (2022). Kasarian at motorikong kasanayan sa pagsulat ng mga katutubong karakter sa mataas na edukasyon. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, *28*(1), 89–104.

Dagala, J. (2018). *Paggamit ng Baybayin bilang pambansang sistema ng panulat sa ilalim ng House Bill 1022*. DWIZ News Academic Forum.

De Castro, P. (2019). *Baybayin: Ortograpiya at mga pinalawak na tuntunin sa pagsulat sa wikang Tagalog* (E. R. Ebreo, Trans.). Komisyon sa Wikang Filipino.

Deleno, R. (2018). *Baybayin, posibleng ideklarang pambansang paraan ng pagsulat ng Pilipinas*. Balita at Kultura Publishing.

Dizon, J. M. (2019). Pambansang sistema ng pagsulat: Ang pagsipat sa Baybayin sa modernong kurikulum. *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Filipino*, *4*(1), 12–25.

Espina, L., Borja, F., & Subayan, M. (2017). *Komunikasyon at kultura sa akademikong Filipino*. Mindshapers Co., Inc.

Ghil, S., & Zuckerman, G. (2016). Cultural revitalization and the framework of contact linguistics. *Journal of Language Contact*, *9*(2), 243–261.

Grosswiller, P. (2019). Dispelling the alphabet effect: Ideographic writing and modern cognitive development. *Canadian Journal of Communication*, *44*(2), 145–162.

Hedge, T. (2020). *Writing: Teaching and proficiency in the modern classroom* (2nd ed.). Oxford University Press.

Ho, B. (2018). Effectiveness of using the process approach to teach writing in contemporary classrooms. *Chinese Language Journal*, *96*(3), 55–68.

Holt, G. (2018). Strategies of language revitalization in alignment with native pedagogical forms: Examples from Ahtna Alaska. *Native American Language Studies*, *14*(2), 102–119.

Lopez, F. (1895). *Libro a naisuratan amin ti bagas ti Doctrina Christiana... 1621*. Imprenta de la Universidad de Santo Tomas.

Lucero, M. (2019). *Kasanayan sa pagbasa, pagkilala, at pagsulat ng katutubong script ng mga pre-service teachers* [Unpublished doctoral dissertation]. Leyte Normal University.

Miller, C. (2014). *A survey of indigenous scripts of Indonesia and the Philippines*. Tokyo University of Foreign Studies.

Morrow, P. (2020). *Baybayin: The ancient script of the Philippines in the 21st century*. Kahimyang Project.

Ocampo, A. R. (2021). *Looking back: Pre-colonial Philippines and the evolution of Baybayin script*. Anvil Publishing.

Pakudos Project. (2017). *Kasaysayang Hanunoo at ang pangangalaga ng katutubong sulat* [Documentary]. Mangyan Heritage Center.

Palmer, K. (2019). Writing: A necessary understanding in advanced society. *Journal of Academic Writing*, *11*(12), 45–58.

Pangilinan, M. R. (2016). Assessing the cognitive dimensions of indigenous scripts. *Philippine Linguistic Review*, *38*(2), 71–89.

Rosales, L. (2024). Sosyo-ekonomikong katayuan ng pamilya at ang epekto nito sa literasyong pang-kultura ng mga mag-aaral. *Edukasyon at Lipunan*, *12*(2), 110–127.

Salazar, Z. A. (2018). Ang Baybayin sa kasaysayan ng aktwal na aplikasyon ng kulturang Pilipino. *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, *25*(1), 5–44.

Santos, H. (2022). *The Tagalog script and its pre-colonial historical context in modern education*. Heritage Publishers.

Wolf, E. (2016). *The Project Gutenberg eBook of Doctrina Christiana, by Anonymous*. Project Gutenberg.

Xinghua, D. (2021). Cognitive power of characters and their influence on ancient and modern writing systems. *The McLuhan Studies*, *21*(3), 89–104.

Zuckerman, G. (2020). *Revivalistics: From the genesis of Israeli to language reclamation in Australia and beyond*. Oxford University Press.